

ANG TANGING DAAN PALABAS

ni Tony Alamo

Ang binhi na sinabi ng DIOS kay Abraham na magbabasbas sa lahat ng bansa ay isang binhi na naglalaman ng buhay na walang hanggan (Genesis 12:3). Ang lahat ng binhi ay nagtataglay ng pansamantalang buhay, ngunit isang binhi lamang ang nagtataglay ng buhay na walang hanggan, at ang “binhi ay ang SALITA ng DIOS,” na si JESUS (Lucas 8:11).¹ Si JESUS lamang ang nag-iisang binhi

at siya rin ang naghahasik ng binhi, ang SALITA ng DIOS (Lucas 8:5-15). Tayong mga templo ng DIOS at Katawan ni JESUS, ang KANYANG Nobya, ay nasa atin si JESUS kasama ang AMA sa pananahan ng ESPIRITU na nabubuhay sa atin, kaya tayo sa pamamagitan ng ESPIRITU ay naging tagapaghasik din ng binhi ng buhay na walang hanggan, na muli ay si CRISTO, ang SALITA (Juan 4:36).²

Gayun din, tayo ang mga tinawag mula sa mundo, ang iglesia.³ Muli, ang binhi, si JESUS, ay ang SALITA ng DIOS. Tayo, ang mga banal, ang mga tinawag mula sa mundo, ang iglesia – lahat ng ito ay ang buhay, ang buhay na walang hanggan, ang binhi na nagtataglay ng imortalidad at, muli, ay ang SALITA ng DIOS, ang DIOS na naging laman at nanirahan sa atin, ang EMMANUEL, na ibig sabihin ay kasama natin ang DIOS (Mateo 1:23).



Si Tony Alamo sa kaliwa kasama ang mga bagong nagbalik-loob upang mabautismuhan noong 1970

May mga hangal na nagsasabing, “Alam kong hindi ko binabasa ang Bibliya na nararapat kong gawin sana,” iniisip nilang ang mga salitang ito ay anyo ng kababaang-loob at pagpapakumbaba, tapat na pangungumpisal, at makakalusot sila sa pangawit sa pamamagitan ng pagsasabi ng ganitong mga makuyad na bagay. Ngunit, ipinapahamak lamang nila ang kanilang mga sarili sa walang hanggan. Sapagkat “ang paniniwala’y nanggagaling sa pakikinig, at ang pakikinig ay sa pamamagitan ng salita ni CRISTO,” na muli ay ang binhi, ang tanging bagay na naglalaman ng buhay na walang hanggan (Mga Taga-Roma 10:17). Ang SALITA ay DIOS (Juan 1:1). Ang DIOS ay walang hanggan, kaya kung ang DIOS ay nananahan sa iyo sa kabanalan ng SALITA, hindi ka kailanman mamamatay, kung

mananatili kang matatag hanggang sa wakas.⁴

Ang lahat ng nakikita natin sa mundo ay binuhay muli ng SALITA ng DIOS mula sa lupa, upang maliwanag nating makita ito, lalo na sa mga nakakakilala sa DIOS o nakakakilala sa KANYA noon pa man.

“Sapagka’t ang poot ng DIOS ay nahahayag mula sa Langit laban sa lahat na kasamaan at kalikuan

ng mga tao, na mga sinasawata ang katotohanan ng kalikuan; Sapagka’t ang nakikilala tungkol sa DIOS ay hayag sa kanila; sapagka’t ito’y ipinahayag ng DIOS sa kanila. Sapagka’t ang mga bagay NIYANG hindi nakikita buhat pa nang lalagin ang sanglibutan ay nakikitang maliwanag, sa pagkatanto sa pamamagitan ng mga bagay na ginawa NIYA, maging ang walang hanggan NIYANG kapangyarihan at pagka-DIOS; upang sila’y walang madahilan: Sapagka’t kahit kilala nila ang DIOS [dating Kristiano], SIYA’Y hindi niluwalhati nilang tulad sa DIOS, ni pinasalamatan; kundi bagkus niwalang kabuluhan sa kanilang mga pagmamatuwid at ang mangmang nilang puso ay pinapagdilim. Ang mga nangagmamarunong ay naging mga mangmang. At pinalitan nila

(Sundan sa pahina 2)

1 Mateo 4:3-4, Juan 1:1, 14, 1 Juan 1:1-3, 5:11, Pahayag 19:13 2 Marcos 16:15-16, 1 Mga Taga-Corinto 1:21-24, 6:19, 2 Mga Taga-Corinto 5:17-21 3 Juan 15:16, 19, 17:6, 14-16, 2 Mga Taga-Corinto 6:14-18, 1 Pedro 2:9 4 Mateo 4:4, 10:22, 24:13, Juan 5:24, 6:63, 11:26, Mga Gawa 14:22, Mga Taga-Roma 11:22, Col. 1:22-23, 1 Tim. 4:16, 2 Tim. 2:1-3, 3:13-17, 4:5, Santiago 5:10-11, 1 Juan 2:24-25

ANG TANGING DAAN PALABAS

(Mula sa pahina 1)

ang kaluwalhatian ng DIOS na hindi nasisira, ng isang katulad ng larawan ng tao na nasisira, at ng mga ibon, at ng mga hayop na may apat na paa, at ng mga nagsisigapang.

“Dahil dito’y sa karumihan ng mga pita ng kanilang mga puso ay ibinigay sila ng DIOS sa kahalayan, upang alisan nila ng puri ang kanilang mga katawan sa kanikanilang sarili: Sapagka’t pinalitan nila ang katotohanan ng DIOS ng kasinungalingan, at sila’y nagsisamba at nangaglingkod sa nilalang kay sa Lumalang, na SIYANG pinupuri magpakailan man. SIYA nawa. Dahil dito’y ibinigay sila ng DIOS sa mga mahahalay na pita: sapagka’t pinalitan ng kanilang mga babae ang katutubong kagamitan niyaong nalalaban sa katutubo: At gayon din naman ang mga lalake, na nang iwan na ang katutubong kagamitan sa mga babae, ay nangagningas sa kanilang karumihan ng pita ang isa’t isa, na gumagawa ng kahalayan ang mga lalake sa mga kapuwa lalake, at tumatanggap sa kanilang sarili ng kagantihan ng kanilang pagkakamali [matuwid].

“At palibhasa’y hindi nila minagaling na kilalanin ang DIOS, ibinigay sila ng DIOS sa isang mahalay na pagiisip, upang gawin yaong mga bagay na

hindi nangararapat; Nangapuspap sila ng buong kalikuan, ng kasamaan, ng kasakiman, ng kahalayan; puspos ng kapanaghilian, ng pagpatay sa kapuwa tao, ng pagtatalo, ng pagdaraya, ng mga kasamaan; mga mapagupasala, mga mapanirang puri, mga napopoot sa DIOS, mga manglalait, mga palalo, mga mapagmapuri, mga mangangatha ng mga kasamaan, mga masuwayin sa mga magulang, mga haling, mga hindi tapat sa tipanan, mga walang katutubong paggiliw, [hindi marunong magpatawad], mga walang habag: Na, bagama’t nalalaman nila ang kautusan ng DIOS [dahil sila ay minsang nailigtas], na ang mga nagsisigawa ng gayong mga bagay ay mga karapatdapat sa kamatayan, ay hindi lamang gayon ang ginagawa, kundi naman pinapayagan ang mga nagsisigawa ng mga yaon” (Mga Taga-Roma 1:18-32).⁵

Ang mundo ay bumalik sa parehong uri ng mundo noong panahon ni Noe (Genesis 6:5-7, Mateo 24:37-44). Binago ng pag-iisip ng tao sa kasalukuyang panahon ang katotohanan ng DIOS at ginawang kasinungalingan (Mga Taga-Roma 1:21-25).⁶ Ang katotohanan ng DIOS ay SIYA ang natatanging binhi na naglalaman ng buhay na walang hanggan. Sila ay ngayong nagsasabi, halintulad ng sinabi nila nang panahon ni Noe, na ang katotohanan ng DIOS bilang tanging binhi na naglalaman ng buhay na walang hanggan ay isang kasinungalingan, at tinuturo nila sa ating mga kabataan ang maabaho, nakakasira, at nakakagalit

⁵ Gen. 19:1-13, 24-25, Lev. 18:22, 20:13, Deut. 22:5, 23:17-18, Mga Hukom 19:22-28, 1 Mga Hari 14:24, 15:11-12, 2 Mga Hari 22:1-2, 23:7, . 16:49-50, Mga Taga-Roma 1:18-32, 1 Mga Taga-Corinto 6:9-10, 1 Tim. 1:9-10, 2 Tim. 3:1-5, Judas 7, Pahayag 22:14-15
⁶ 1 Tim. 4:1-3, 2 Tim. 4:3-4, 2 Pedro 2:1-3

na kabuktutan sa lahat ng paaralang pampubliko. Hindi pa sapat sa kanila ang pakikipag-asawa sa isa’t isa. Gusto nilang ituro sa ating mga kabataan na ang katotohanan ng DIOS ay kasinungalingan. Tinanggap nila ang mga espiritu ng mga demonio (homoseksual na demonyo), malalakas na demonyo na nagsasanhi para sambahin nila ang mga bagay na mahalay, kaya sila naglingkod sa nilikha nang higit pa sa Lumikha (Mga Taga-Roma 1:25). Sa dahilang ito, hinayaan sila ng DIOS. Sila ay pinaubaya ng DIOS sa karumihan, sa kanilang sariling karumihan, na gustong-gusto nila. Nakikita ng DIOS kung paano SIYA tinanggihan at ang KANYANG buhay na walang hanggan, at SIYA ay kanilang nilabanan, kaya ang DIOS ay hindi na nakikitungo sa kanila. Hinayaan sila ng DIOS sa kanilang mga kagustuhan, na kung saan ay karumihan! Hinayaan

Nigerya

Minamahal na Pastor Tony,

Pagbati sa iyo sa ngalan ni Jesus. Ako ay natutuwang sabihin sa iyo na ako ay naging tagapaglingkod ng Dios sa pamamagitan ng nabasa kong ebanghelyong literatura at ng iyong programa sa radyo sa estasyong Radio Africa. Ako ay nagpapasalamat sa iyong paraan ng pagsasahimpapawid ng Salita ng Dios dito sa amin. Isa akong bagong balik-loob at gusto ko sanang magpadala ka sa akin ng isang kumpletong Banal na Biblia at mga pahayagang palihan kasama ang librong Mesias. Ako ay nawala ngunit nahanap muli. Sana ay saganang pagpalain ang inyong ministeryo. Ako ay umaasang makarinig mula sa inyo sa madaling panahon.

Taos-puso sa inyo,
Mone Akinwa at pamilya
Sunshine State, Nigeria



*Namamahagi si
Pastor P.V. Ratnam
ng panitikan ni Pastor
Alamo sa mga nayon
ng Andhra Pradesh,
Indya.*



ANG MGA ONLINE NA MINISTERYONG ALAMO
www.alamoministries.com

NIYA na gawin nila ang gusto nila - babae sa babae, lalaki sa lalaki, pagiging tomboy at homoseksualidad.

Gayunman, ang binhi ng DIOS, ang binhi ng DIOS para sa buhay na walang hanggan, ay hindi maninirahan sa maruming kaluluwa, sapagka't pinapalitan nito ang katotohanan ng DIOS ng kasinungalingan! Ang demonyo ng homoseksualidad ay malakas, ngunit si JESUS, ang nagtataglay ng binhi na walang hanggan, ay malayong mas makapangyarihan.⁷ Sinabihan tayo ng DIOS na labanan natin ang diablo, at siya ay lalayo sa atin (Santiago 4:7).⁸ Ngunit ang sabi

ng pamahalaang pandaigdig ay gumagawa tayo ng kasuklam-suklam na krimen kapag tumutol tayo sa homoseksualidad.

Bago umakyat si JESUS pabalik sa Langit, pinagtagumpayan NIYA ang kamatayan, impierno, hukay, si Satanas, at lahat ng mga masasamang demonyo, ngunit kung sino man ang tumanggi sa buhay na walang hanggan ay magbabayad sa kanilang masamang desisyon.⁹ Sila ay magtatamo ng makatarungan na kabayaranang Impierno at ang Lawa ng Apoy, sa walang hanggang pagdurusa. Ginagawa nila ito sa kanilang mga sarili tulad noong kapanahunan ni Noe (Lucas 17:26-30).

7 Deut. 4:39, 32:39, 1 Sam. 2:6-8, 1 Mga Cronica 29:11-12, 2 Mga Cronica 20:6, Mga Awit 46:1, Isaias 44:6, 45:23, Jer. 10:10, 18:6, Dan. 4:35-37, Juan 10:29, Mga Gawa 17:24-26, Pahayag 1:12-18 8 Mateo 4:1-11, Mga Taga-Roma 12:9, Mga Taga-Efeso 4:27, 5:3-17, 1 Tes. 5:21-22 9 1 Mga Cronica 28:9, Job 4:7-9, 21:14-20, Mga Kawikaan 1:22-32, 8:36, 10:25, Isaias 1:15-20, Dan. 12:2-3, Lucas 12:4-9, Juan 3:16-21, 36, Mga Taga-Roma 1:18, 1 Mga Taga-Corinto 6:9-10, Judas 14-15, Pahayag 20:11-15, 21:8, 27

Konggo

(Isinalin mula sa Pranses)

Pastor ng Mundo Tony Alamo,

Kapayapaan kay Cristo! Ako si Pastor Andre Hilarion, isa sa mga pinakamasugid na mambabasa ng iyong mga pahayagang panliham. Noong 2006 ko natuklasan ang iyong mga pahayagan at iyon ang nagpabago ng ganap sa aking ministeryo. Minulat ng Banal na Espiritu ang aking mga mata nang basahin ko ang mga ito. Dahil dito, sa simbahan kung saan ako ang pastor, gumagamit na kami ngayon ng panitikang "Ang mga Lihim ng Papa" bilang kasangkapan para magsaksi sa mga pampublikong lugar, at ang Panginoon ngayon ay gumagawa ng napakalaking bagay. Tuwing linggo ay nakatatanggap kami ng bagong kaluluwang hinipo ng Banal na Espiritu pagkatapos nilang basahin at tanggapin ito, sa pamamagitan ng pag-alay ng kanilang puso kay Jesus upang magsimula ng bagong buhay.

Kaya, ang amin sanang hiling ay magpadala kayo ng marami pang sulat ng tuloy-tuloy. Isama niyo ang mga artikulo sa Pranses na magpapahintulot sa amin na lumikha ng isang sentro ng pamamahagi para sa mga panitikan ni Pastor Tony Alamo.

Pastor Tony Alamo, ang iyong Dios ay aming Dios. Ang iyong misyon ay naging misyon na din namin. Ang iyong laban ay laban na din namin. Pangunahan na namin ang magpasalamat sa iyo, at kami ay nananalangin sa Makapangyarihang Dios na ikaw ay mas lalo pang pagmumulan ng biyaya para sa amin at para sa mga tao ng bawat bansa.

Andre Hilarion

Kimpese, Demokratikong Republika ng Konggo

Missouri

Minamahal na Pastor Tony Alamo,

Ako ay nagpapasalamat sa iyong ministeryo at sa paghayag mo ng mga katotohanang ibinigay sa iyo ng Dios. Tunay na minulat mo ang aking mga mata at pinalakas ang aking pananampalataya sa Dios. Ibinunyag mo sa akin ang mga panlilinlang ni Satanas, ang gobyerno ng mundo, ang kanyang operasyon laban sa atin, ang Nobya, at ang lahat ng ginamit niya sa loob nitong mundong naliligaw.

Mangyari sana ay ipadala mo sa akin ang lahat ng mga materyales na iyong inaalok. Gusto ko silang lahat. Maraming salamat sa iyo at sana ay pagpalain kayo ng Buhay na Dios at ganun din ang inyong ministeryo sa Kanyang pagpapala at kapangyarihan!

Mangyari sana ay ilagay nyo ang aking pangalan sa listahan ng panalangin.

Kay Cristo,

Terry Birmingham,

Cameron, MO

Nagiging uso na ang sumunod kay Satanas, na siyang nanlinlang sa buong mundo (Pahayag 12:9).¹⁰

Ang ginagawa ng media at ng gobyerno ay paggawa sa SALITA ng DIOS bilang isang kasuklam-suklam na krimen, ngunit ito lamang ang tanging buhay at mekanismo ng pagtakas mula sa habambuhay na paghihirap at pagdurusa sa Impierno at Lawa ng Apoy. Si JESUS at ang KANYANG mga tagasunod lamang ang kumakalinga sa iyong kaluluwa. Huwag kang magpapaniwala sa sinasabi ng espiritu ni Satanas. Hindi ka sa ganung paraan ipinanganak. Pumasok man ang demonyo sa iyo noong ikaw ay musmos pa lamang, ngunit si JESUS ay nagpapalayas ng mga demonyo mula sa mga tao.¹¹ SIYA ang BUHAY at buhay na mas masagana.¹² "AKO'Y naparito upang sila'y magkaroon ng buhay, at magkaroon ng kasaganaan nito" (Juan 10:10).

(Sundan sa pahina 4)

10 Mateo 24:11-12, 24, 1 Tim. 4:1-2, 2 Tim. 3:13, 2 Pedro 2:1-3, Pahayag 13:1-4, 11-15, 14:8, 17:8, 18:2-3, 23 11 Mateo 8:16-17, 28-34, 9:32-33, 10:1, Marcos 1:34, 39, 7:25-30, 9:17-27, 16:9, Lucas 11:14 12 Juan 11:25-26, 14:6

India

Minamahal na Pastor Tony,

Nagpunta ako sa nayon ng aking amang tinatawag na Sandipudi upang makita ang aming lumang bahay sampung araw na ang nakalipas. Mayroong mananampalataya doon na lubhang may sakit at nakahiga sa kanyang kama at iniisip ng mga tao na maaaring siya ay pumanaw na, subalit binisita ko siya at nanalangin ako para sa kanya. Narinig ng Dios ang panalangin at ganap siyang pinagaling. Dahil sa gawaing ito, iginalang ako ng lahat ng nasa kalye, ngunit ako ay nagtiwala at sinabi sa kanila, "Hindi ko gawa ito kundi gawa ni Jesu-Cristo. Magbigay tayo ng kaluwalhatian at karangalan sa Kanya."

Ako ay naniniwala na nakatulong sa akin ang iyong mahalagang panalangin para sa Kanyang ministeryo. Tayo ay magbigay luwalhati sa Kanya sa pamamagitan ng mga gawa at salita.

Nagpapasalamat ako sa inyong lahat. Mangyaring higit pa kayong manalangin para sa akin at sa aming misyon.

Sa Kanyang pag-ibig,
Ang Iyong Kapatid,
Rajesh Tatapudi
Andhra Pradesh, India

ANG TANGING DAAN PALABAS

(Mula sa pahina 3)

Kung ipapakita ko sa iyo kung paano tumakas sa habambuhay na sumpa, maari na ang paniniwalang ito ay kasuklam-suklam na krimen. Ang buhay natin ay maikli, ngunit mahaba ang walang hanggan.¹³ Wala itong katapusan. Ang kaluluwa ng tao ay mabubuhay magpakailanman sa Langit o Impiyerno.¹⁴ Lahat tayo ay tao. Lahat tayo ay binigyan ng karapatang pumili sa buhay o kamatayan, sa mabuti o masama, sa DIOS o kay Satanas.¹⁵ Kapag pumasok sa iyo ang ESPIRITU ng DIOS at nanatili SIYA sa iyo pagkatanggap mo sa KANYA, sa KANYANG SALITA araw-araw, ikaw ay magtataglay ng KANYANG buhay na lakas na nananahan sa iyo kasama ang KANYANG kapangyarihan hanggang sa iyong pagpanaw. Gayunman, kailangang ibigay mo ang buong sigasig mo dito. Si Satanas ay hindi nakikipagbiruan sa iyo! Nais niyang mapunta ka sa Impiyerno at sa Lawa ng Apoy kasama siya.

Ang DIOS ay hindi rin nagbibiro. SIYA ay namatay para sa atin sa krus ng

13 2 Sam. 14:14, 1 Mga Cronica 29:15, Job 7:6-10, 8:9, 9:25-26, 14:1-2, Mga Awit 22:29, 39:4-6, 11, 78:39, 89:47-48, 90:5-6, 9-10, 102:11, 103:14-16, 144:3-4, 146:4, Ecc. 1:4, 3:19-21, 6:12, 12:7, Isaías 2:22, 40:6-8, 24, 51:12, Santiago 1:10-11, 4:14, 1 Ped. 1:24 14 Isaías 66:24, Dan. 12:1-3, Mateo 25:31-46, Marcos 9:42-48, Juan 5:26-29, Mga Taga-Roma 2:1-16, Pahayag 14:9-11 15 Jos. 24:14-15, Eze. 18:19-32, 33:11, Joel 3:14, Mateo 16:24-27

Kenya

Pagbati kay Pastor Tony Alamo,

Ako ay napakumbaba para sa iyong pag-aalala. Labis akong pinagpala sa pamamagitan ng iyong pahayagang palihan na "Nahanap ko si Jesus sa Website ni Tony." Binasa ko ang artikulo at nagdasal ng kapatawaran sa pahayagang palihan. Matapat akong nagsisi sa aking mga kasalanan, at sa katunayan ay naluha ako sa aking pagsisisi sa lahat ng nasayang kong panahon sa mundo sa paglalapastangan sa Dios! Naramdaman ko ang bigat ng kasalanan na umalis sa akin. Sa katunayan magaan at malaya na ang aking pakiramdam. Oh, sa katunayan ay hindi ko pa naranasan ang ganitong kagalakan, ang kagalakan na nakukuha sa pagkapatawad ng kasalanan, ang kagalakan na nakukuha sa pamumuhay kay Cristo. Ako ay nagpapasalamat sa PANGINOON dahil niligtas niya ang aking kaluluwa at ako ay nananalangin na ang BANAL na ESPIRITU ay gagabay sa aking ispirital na paglalakbay. Ako ngayon ay nagsisimula sa aking ispirital na paglalakbay. Mangyaring gabayan mo sana ako sa paglalakbay at sa pagpapahiya sa diyablo at sa kanyang mga kasinungalingan. Mulí akong nagpapasalamat sa iyong ministeryo dahil ito ang nagkaloob sa akin ng lahat ukol sa mga bagay ng relihiyon. Nawa'y pagpalain kayo at ang inyong ministeryo ng kasaganahan.

Sarah Terry,

Bungoma, Kenya

Kalbaryo, bumangon mula sa pagkamatay at umakyat sa Langit upang patunayan sa atin na SIYA ay DIOS, at SIYA ang may kapangyarihan upang iligtas tayo at muling buhayin sa huling araw.¹⁶

Ang pag-ibig ay hindi pagtatalik. Ang pag-ibig ay para tuparin ang mga utos ng DIOS (1 Juan 5:3).¹⁷ Kung sa iyong kagustuhan, ikaw ay mabubuhay. Sinabi ni JESUS na sinungaling ang taong nagsasabi na siya ay nakakakilala sa AKIN (mahal AKO) at hindi tinutupad ang

AKING mga utos, at ang katotohanan ay wala sa kanya (1 Juan 2:4). "At palibhasa'y hindi nila minagaling na kilalanin ang DIOS, ibinigay sila ng DIOS sa isang mahalay na pagiisip" (at sa kanilang mahalay na pamumuhay), na gawin ang mga bagay na gusto ni Satanas na gawin nila, at ang kanyang masamang espiritu na nasa kanilang loobin ay nag-uudyok sa kanila na lalong kahiligan ang gawaing ito (Mga Taga-Roma 1:28-32).

(Sundan sa pahina 8)

16 Marcos kab. 16, Juan 11:25-26, Mga Gawa 2:29-33, 4:10-12, 1 Mga Taga-Corinto 15:3-22, 1 Pedro 1:3-5 17 Exo 20:6, Deut. 7:9, 11:1, 13-15, 30:16, Jos. 22:5, Juan 14:15, 21, 15:10, 2 Juan 6

Arkansas

Minamahal na Pastor Tony,

Kasama ko kanina ang isang kaibigan na Kristiyanong ipinanganak-na-muli (born again). Galing siya sa isang libing. Ang taong pumanaw ay isang ministro, at maraming tao ang dumalo sa kanyang libing. Ang kanyang patotoo bago siya pumanaw ay kahit saan man ito magpunta ay sinasabihan ang mga tao, maging sa Walmart man o sa botika at kahit sa kalye lamang, "Kinikilala mo ba si Jesu-Cristo bilang sariling Tagapagligtas? Ikaw ba ay matuwid sa Dios?" Ginagawa niya ito saan man magpunta, na umabot sa punto na ang mga tao ay nagtataka kung bakit niya iyon ginagawa.

Sa araw ng libing, ang kanyang anak na babae ay tumayo at sinabi, "Gusto kong sabihin sa inyong lahat ang kwento tungkol sa aking ama. Noong ako ay bata pa, mga 13 taong gulang, lagi akong sumasama sa kanya, at kahit saan kami magpunta siya ay titigil upang magtanong sa kahit sino man kung sila ay matuwid kay Jesus, o kaya ay sasabihin niya, "Kinikilala mo ba si Jesu-Cristo bilang sariling Tagapagligtas?" May mga araw na nadarama ko na labis na ito. Sinasabihan niya ang lahat, at ito ay walang patid.

"Isang araw pagpasok namin sa kotse ay tinanong ko, 'Ama, bakit kailangan mong sabihin sa lahat ng tao ang tungkol kay Jesus?' Sabi ng aking ama, 'Anak, may ikukuwento ako sa iyo. Nagkaroon ako ng isang mala-panaginip

na pangitain noong ako ay 17 taong gulang, at doon ay namatay ako at napunta sa Langit. Ito ang pinakamagandang lugar sa lahat. Dinala nila ako sa dulo ng Langit, at ako ay tumingin pababa sa Impiyerno. Nakita ko ang mga kamay na nakataas sa akin at sila ay sumisigaw, "Bakit hindi mo sinabi sa amin! Bakit hindi mo sinabi sa amin! Bakit hindi mo sinabi sa amin!" At sila ay mga taong kilala ko. Natapos ang panaginip at bumalik ako sa lupa. Iyon ang dahilan kung bakit ko sinasabihan ang lahat ng mga tao."

Sabi ng aking kaibigan na pinapaalala nya sa marami sa atin, kasama ang panitikan ni Pastor Alamo, dahil kung saan man tayo magpunta, nagbabahagi tayo ng panitikan. Sinabi nya na sa matagal ng panahon, si Pastor Tony ay laging nagpapaalala sa mga tao.

Purihin ang Panginoon,
Kapatid na Tommy

Mula sa aming Departamento ng Pagsasalin

Kami ay gumagawa ng pagsasalin sa Ilocano (ang wikang ginagamit sa Hilagang Pilipinas), at isa sa aming mga tagasalin ay isang binata na lumaki bilang isang Pentecostal. Nagtapos siya sa isang teolohikal na seminaryo, at nagtuturo siya sa isang paaralan ng Bibliya para sa mga pastor. Ang simbahan nila ay may 50 pang ibang mga simbahan na nagkalat sa buong Hilagang Pilipinas at may sariling pastor ang bawat isa nito. Siya ay kasalukuyang nagtatrabaho kasama ng Philippine Bible Society sa pagsasalin ng komentaryo ng Bibliya para sa bawat aklat nito.

Sabi niya sa amin na noong makita nya ang karapatang kopya sa “Lihim ng Papa,” “Ang Puganteng Papa,” “Sinabi ni Jesus na Magkakaroon si Satanas ng Simbahan at Pamahalaan,” at “Ang Reyna ng mga Patutot,” nakita niya na sinulat pa ang mga ito noong 80s at 90s. Sinabi niya na nakakamanghang matagal nang sinulat ni Pastor Alamo ang mga katunayang ito, at sa panahong iyon walang nakakakitang ito ay totoo, ngunit ngayon ay madali na itong makikita. Alam ito ni Pastor Alamo bago ang lahat at inilathala ito upang balaan ang bawat isa.

Sinabi niya na ang Pilipinas ay labis na maka-Katoliko at hindi mo makakausap ang mga tao tungkol sa Panginoon, ngunit pagkatapos nilang magbasa ng mga liham

ng mga taong humihingi ng panitikan para ipamahagi at saksihan ang mga tao, siya ay humiling ng isang daang piraso ng bawat panitikan kung saan siya ay tumulong sa pagsalin upang ipamahagi sa iba. Umorder rin siya ng maraming libro na Mesias. Sinabi niya, “Ako ay nagsasalin para sa Lipunan ng Bibliya, ngunit ito ay para sa kaligtasan ng kaluluwa.” Sabi niya na ipinagmamalaki niyang naging bahagi siya dito, at ginagamit niya ang mga panitikang ito sa kanyang mga klase. Sabi niya, “Ako ay galing seminaryo at taglay ko ito, ngunit ang panitikang ito ay totoo at seryoso. Nakikita ko ang kahalagahan ng mga nangyayaring ito dito sa aking sariling buhay. Nakikita ko ang panitikang ito ay ang nangyayari na sa kasalukuyan.”

Ang Swahiling tagasalin ay ina ng tatlong anak at ang asawa ay isang pastor. Sabi nya na siya ay kailangang maging tapat, dahil habang nagtatrabaho siya sa iba’t-ibang piraso ng panitikan tungkol sa Papa, naisip niya na malayo na sa katotohanan at pawang kalabisan ang ilan ay mga paratang laban sa Papa at sa Simbahang Katoliko. Sabi niya na alam niyang huwad na doktrina ang Katolisismo, kaya ang katotohanan ng mga mensahe ay hindi na mahalaga basta nagagawa nitong mapatangi ang mga tao mula rito. Ngunit, hindi talaga siya naniniwala rito.

Sabi niya na isang gabi ay binabasa ng kanyang asawa ang panitikan at tinanong siya, “Bakit mo ba ito inorder?” Ang sabi naman niya, “Para ipamigay ko sa mga tao kapag hinatid ko ang mga bata sa liwasan.” Agad-agad niyang sinabi, “Hindi maari yan! Itago mo ang mga ito! Huwag mong basta-bastang ipamimigay. Ito ay katotohanan! Kailangan natin itong pag-aralan.” Sabi nya, “Nag-aral ako sa Kolehiyo ng Bibliya at ang mga bagay na ito ay tinuturo at dokumentado at lahat ng nakasulat dito ay totoo.”

Sinabi nyang tinignan nya ang kanyang asawa at sinabi sa kanyang looban, “Pumunta ka sa Kolehiyong Paaralan ng Bibliya noong nagdaang mga taon at alam mo na ang mga bagay na ito ay totoo. Ano ang ginawa mo o ang ginawa ng kolehiyo upang balaan ang mundo? Ni ikaw o sino man ay walang ginawa tungkol dito. Ang taong ito (Pastor Alamo) ay tinawag ng Dios upang magsalita dahil ni ikaw o sino man ay walang ginawa.” Ang sabi nya, “Naniniwala na ako ngayon, at ako ay naiinis sa mga taong hindi sinasabi ang katotohanan at tinatago lamang nila ang mga ito.”

Ang tagasalin na Swedish ay lumaking Protestante, ngunit sa mahabang panahon ay ganap na walang pagka-ugnay sa simbahan, relihiyon, o sa Dios. Siya ay isang pulitikal na aktibista, lumalaban siya sa mga maling gawain sa loob ng pamahalaang Swedish. Siya rin ay nagsusulat ng mga blog na pampulitika at may mga komperensiya at paminsan-minsan ay nagsasalin siya ng mga panitikan. Siya ay matatag sa kanyang paniniwala, ngunit habang nagbabasa ng parte ng librong Mesias, siya ay napaluha nang mabasa, “Ang sigaw ng mga tao, ‘Ipako Siya, Ipako Siya.’”

Sabi nya sa amin, “nakapag-aral ako ng iba’t-ibang teorya ng pagsasabwatan, ngunit hindi pa ako nakakakita ng taong inuugnay ito sa Vatican gaya nito. Ito ay kagulat-gulat. Gustong-gusto ko ang ginagawa kong ito. Sinisimulan nyo na akong impluwensyahan. Nang sumusulat ako sa aking blog, natagpuan ko ang sarili kong sumisipi mula sa libro ng Bibliya na Pahayag”

Ang tagasalin na Serbian na may master’s degree sa kasaysayan, ay sinabing nakapupukaw ang pagiging bahagi dito. Sabi niya na ang Serbia ay may kasaysayang punung-puno ng relihiyosong pag-uusig at patayan, at si Pastor Alamo ay kasali sa paghihirap sa relihiyosong pag-uusig, ngunit siya ay nagsasalita pa rin. Sinabi niya na ito ay nakakamangha.

Nigeria

Minamahal na mga Ministryong Alamo,

Pagbati sa iyo sa ngalan ng ating pinagpalang Panginoon at Tagapagligtas Jesu-Cristo. Lubos na binago ng pandaigdigang pahayagang palihan ng Kristiyanong Ministryo ni Tony Alamo ang mga buhay ng mga taga Igodan Lisa sa Nigeria. Kahanga-hanga ang artikulo tungkol sa pagpahid sa loob ng pahayagang palihan. Ito ay nakatulong sa aking espirituwal na buhay sa pamamagitan ng pagangat ko sa bagong antas ng pang-unawa tungkol sa mga bagay ng Dios. Ang inyong mga tagapamahagi ang nagbigay sa akin ng pahayagang palihan na may pamagat na “Lindol.” Ginamit ko rin ang pagkakataong ito upang ipamahagi sa ibang tao at sa sinumang binigyan ko ng papel na tanggapin nila si Jesus bilang sariling Panginoon. Luwalhati at papuri sa Dios. Mangyaring hilingin ko sa iyo na magpadala kayo ng higit pa, upang makatulong ang mga ito sa kaligtasan ng mga kaluluwa. Nawa’y pagpalain ng Dios and inyong mga gawain. Salamat.

Sumasainyo kay Cristo,

Jasaau Imamu

Ondo State, Nigeria

New York

Dear Pastor Tony Alamo,

Natanggap ko ang inyong pahayagang palihan sa subway sa Lungsod ng New York. Dumating ito sa akin sa oras na ako’y may matinding pangangailangan. Ang impormasyon sa inyong panitikan ay napakahalaga.

Hinihingi ko rin ang inyong librong *Ang Mesias*, 100 pahayagang palihan, at mga mensahe sa CD.

Nagpapasalamat,

Eric F.

Rhinebeck, NY

Patotoo sa Paggamot

(Isinalin mula sa Portuges)

Oktubre 27, 2014

Ang pangalan ko ay Pastor Isaque Roberto. Ako ay mula sa Londrina sa Estado ng Parana, Brazil. Nais kong magbahagi ng isang bagay sa pamamagitan ng email na ito. Ako ay naging pastor sa Londrina ng 15 taon. Tatlong taon na ang nakalipas, dumaan ang aking pamilya sa isang nakakatakot at malaking pangyayari.

Noong Hulyo 24, 2011, ang aming anak na babae na si Beatriz Gabriela (sa edad na pito), ay nakaranas ng isang malubha na aksidenteng pantrapiko nang siya ay nabundol ng isang tsuper ng taksi habang naglalakad patawid. Sa lakas ng pagkabangga nya, ayon sa mga imbestigador, ay tumilapon siya ng 21 na talampakan. Tumakbo ako sa kanyang tabi at nakita kong hindi siya humihinga. Naaalala ko na sumigaw ako ng, "Tumawag kayo ng tulong!"

Nang tumingin muli ako sa kanya, nakita ko ang gulong ng isang motorsiklo at narinig ko ang boses na nagsabing, "Ako ay makakatulong. Ako ay isang bumbero." Sa sandaling iyon inilagay ng Dios ang unang rumisponde doon. Ipinahiga niya si Beatriz at sinimulan ang CPR, at siya ay umubo ng dugo. Dumating ang tulong, at habang siya ay nasa pangangalaga ng mga tao sa loob ng ambulansiya, nagsimula akong manalangin. Humarap sa akin ang diyablo at ipinakita sa aking isipan ang imahe ng isang batang lalaki na kilala ko na nabundol rin ng isang kotse at nawalan ng kakayahang makipag-usap at gumalaw. Sa kasalukuyan ay dinadala siya sa wheelchair ng kanyang pamilya. Sa sandaling iyon, ipinapakita ng diyablo ang kanyang imahe at sinasabing, "Iyan ang mangyayari sa iyong anak na babae."

Siya ay dinala sa ospital at admitido siya sa mga sumusunod na pagsusuri: bali

ang kaliwang paa, bali ang kanang humerus, bali ang kanan at kaliwang balagat, may hiwa sa pali, pagkapilipit ng baga at pangatlong antas ng trauma sa ulo (ang pang-apat na antas ay kamatayan).

Nangdumatingkamisa intensive care unit, nakita namin ang aming anak na nakakonekta sa ilang mga aparato, humihinga sa pamamagitan ng makina, at walang malay (comatose).

Tatlong araw matapos ang aksidente, Hulyo 27, pinatawag kami ng neurosurgeon na nag-aalaga sa kanya at sinabing, "wala akong magandang balita. Lumala ang kanyang kalagayan. Hindi siya tumutugon sa mga gamot, at siya ay nagkaroon ng pamamaga sa ulo. Dahil doon, hindi dumadaloy ang dugo papunta sa utak niya, at sa loob ng ilang oras, magiging brain dead na si Beatriz." Ang sabi ng doktor, "Ako ay may huling alternatibo, at iyon ay ang pag-opera upang alisin ang bahagi ng bungo sa bawat gilid upang mapakalma ang presyon sa utak ni Beatriz, para ito ay magkaroon ng puwang sa paglawak. Gayunpaman, walang garantiya na magbabago ang kanyang kalagayan o kaya kakayanin nya ang operasyon."

Pinahintulutan namin ang operasyon, dahil alam namin na sa Dios ang huling salita. Habang hinahanda nila ang lahat, sinabi nila na manatili

kami kay Beatriz para masabi namin ang aming mga paalam. Nagsimulang magdasal ang aking asawa habang tinawag ko ang ibang tagapamagitan at ipinaliwanag ang sitwasyon. Habang nakasandal ang aking asawa sa katawan ni Beatriz at nagdarasal, may lumapit na tao sa kanya at sinabing, "Inay, payo ko sa inyo na manalangin kang kunin na lang siya ng Dios, dahil kung siya ay mabubuhay, hindi na siya makakagalaw at mananatili lamang siya sa kama habangbuhay." Makalipas ang isang oras, at hindi ko pa alam ang nangyari, nakatanggap ako ng mensahe mula sa aking telepono galing sa aking hipag at sinabi niya na nagkaroon siya ng pangitain habang siya ay nananalangin. Nakita niya ang isang demonyong espiritu na lumapit sa aking asawa at binanggit ang eksaktong mga salita.

Ang operasyon ay tumagal ng halos limang oras. Nang dinala na si Beatriz sa intensive care unit, balot ang kanyang ulo at ang kanyang mukha ay dispigurado. Wala akong magagawa kundi ang maghintay. Kami ay nanalangin sa Dios na pagalingin siya, ngunit mayroong masamang balita ulit- pulmonya, impeksiyon ng ospital.

Isang araw bago ang kaarawan ni Beatriz (Agosto 8), sabi ng doktor na tatanggalin niya ang mga gamot na pampaghinghawa upang makita kung makalabas siya sa pagkawala ng malay. Tinanong ko, "Gaano katagal sa tingin mo bago siya magising?" "Walang paraan upang malaman ito," sabi nya. "Maaaring gumising siya ngayon, bukas, sa susunod na linggo, sa susunod na buwan, sa susunod na taon, ngunit maaari din na hindi na siya gumising" sabi nya.

Makalipas ang ilang araw, tinanggal na ang artipisyal na kasangkapang panghinga. Nagdiwang kami dahil nagsimula na siyang magkamalay. Subalit noong gabing iyon, nakalanghap si Beatriz ng likido at lumala ang kanyang paghinga. Nang dumating kami sa ospital, nakita namin na nahihirapan



siyang huminga. Ginagawa ng mga medikal na tauhan ang lahat upang gumaan ang kanyang pakiramdam. Nagpunta kami sa labas upang mananghalian, at nang bumalik kami at nagtanong para makapasok, hindi kami pinayagan. Tumingin ako sa pamamagitan ng pinto at nakita kong nakapaligid sa kanya ang lahat ng tauhan at umiiyak sila. Kinailangan naming maghintay ng ilang minuto, at pagkatapos ay pinayagan kaming pumasok sa loob. Nakita namin na may aparato na naman sa panghinga si Beatriz. Ang sabi ng isang doktor, "Maaaring kailangan naming magsagawa ng trakotomya, at kakailanganin muli ni Beatriz ang aparato sa paghinga. Nawawalan siya ng kakayahang huminga ng siya lamang." Higit na masamang balita-at isa pang dahilan upang magdasal. Makaraan ang ilang araw, si Beatriz ay nagkaroon ng malay at napunta sa pagamutan.

Palagi naming tinatawag ang Dios at nag-aayuno kami sa buong panahon. Nang napunta si Beatriz sa pagamutan, binago namin ang anyo ng kwarto at ginawa itong sentro ng panalangin, 24 oras araw-araw. Nagkaroon kami ng mga papuring pagkanta. Nagdadasal kami bawat oras. Papasok ang mga tao at makikita si Beatriz na nakahiga sa kama at may molde sa binti niya, konektado sa makina para sa paghinga at pagkain. Sinasabi nila, "Paano nagkaroon ng lubos na kapayapaan sa lugar na ito?" Sa lahat-lahatan ay may 53 araw na pananatili namin sa ospital.

Nang makalabas na si Beatriz, dumating siya sa bahay na walang pagpapakita ng tunay na paggaling. Mayroon kaming kamang pang-ospital, silyang panligo, at upuang de gulong sa bahay. Ang aking asawa ay nakikipag-usap sa pisikal terapist at tinanong niya, "Doktor, gaano katagal sa tingin niyo bago makalakad ulit si Beatriz?" Ang sabi ng doktor, "matagal na akong naglilingkod sa ganitong propesyon, at wala pa akong nahahanap na medikal na panitikan o narinig na kahit anong kwento ng sinumang nakaligtas sa aksidenteng sinapit ni Beatriz. Siguro sa isang araw siya ay makakalad muli gamit ang saklay o panlakad, ngunit sa

paglakad uli ng normal - sa palagay ko- hindi na muli. Gayunman, kami ay determinado sa aming diwa na siya ay hindi matatapos sa ganoong paraan." Nagpatuloy kami sa matatag na paghanap sa Panginoon, minsan sa pananampalataya, minsan sa pag-iyak, ngunit laging nagtitiwala. Isang araw dinala namin siya sa isang klinika ng komunidad dahil kailangan namin ng referral, at sinabi ko sa doktor na mahalaga ito. Hiniling ng doktor na makita si Beatriz, at nang ako ay lumakad sa loob ng opisina at karga siya sa aking braso, nagtanong ang doktor, "Ginoo, bakit kayo nagmamadali? Ano ang mababago sa tuntunin ng kundisyon ng bata?"

Kinailangan muli ni Beatriz ang maoperahan upang maitanim ang prostisis sa lugar kung saan tinanggal ang mga buto sa kanyang bungo. Nakuha namin ang pagtatantya ng (Brazilian Real) na \$147,500.00 (halos) \$60,000.00 USD). Wala kaming ganoong pera, kaya may isa pang dahilan upang magdasal. Nakatanggap kami ng direksiyon mula sa Dios sa pamamagitan ng isang kaibigan, kami ay nagsimula ng kampanya upang mangilak ng pera. Isang Huwebes, ako ay nakatanggap ng tawag mula sa isang babae na nagsimulang magtanong tungkol kay Beatriz. Tinanong niya kung magkano pa ang kailangan namin, at ang sabi ko ay (BRL) \$57,000.00 (\$23,000.00 USD). Sabi nya na titignan niya ang kanyang magagawa para sa amin. Noong sumunod na Lunes, nang pumunta ako sa bangko upang mag-withdraw ng balanse, nalaman ko na nagdeposito ang taong iyon ng halagang kailangan namin. Sa loob ng 40 na araw nagawa naming mangilak ang bawat sentimos na aming kailangan. Purihin ang Dios!

Naganap ang operasyon noong Disyembre 23, 2011. Sa buong panahon, si Beatriz ay nakakaupo na sa tulong ng mga unan at siya ay nakakaupo na din sa upuang de gulong.

Noong Disyembre 27, nagpaalam ako kay Beatriz bago umalis papuntang simbahan. Kinuha ko ang mga kamay niya at sabi ko na pupunta ako ng simbahan. Naramdaman kong hinihila nya ang aking kamay. Hinawakan ko siya ng maigi at sa sandaling iyon siya

ay tumayo. Natakot ako at humakbang paatras ng isang beses, at sa parehong panahon, naglakad din siya pasulong at tuloy-tuloy nang naglakad. Ang Dios ay tapat!

Lumipas ang mga araw, at nagbalik ang mga abilidad ni Beatriz. Nagsimula siya muling magsalita at magsulat. Noong Mayo 2012, siya ay bumalik sa paaralan.

Ngayon, tatlong taon ang nakaraan, siya ay buhay na patotoo sa higit sa karaniwan na himala, isang patunay na ang Dios ay tapat sa Kanyang Salita at kumikilos ng pabor sa lahat ng nagsisisampalataya. Ang salita ko para sa iyong buhay sa lahat ng oras ay, LAHAT AY POSIBLE PARA SA NANINIWALA (Marcos 9:23).

Ilang araw ang nakalipas, ang aking asawa ay may kasamang pisikal terapist, at pinapakita ng doktor si Beatriz sa isa nyang estudyante at sinabing, "Isa itong himala, sapagkat kung hindi dahil sa Dios, wala siya dito ngayon. Walang magagawa ang medisina para sa kanya."

Walang magagawa ang gamot, ngunit KAYA NG DIOS! MAAARI DIN SIYANG GUMAWA SA BUHAY MO!

Pastor Isaque Roberto

Ang patotoong ito ay ibinahagi sa buong iglesia sa Londrina at isa itong ehemplo ng kapangyarihan ng Dios upang hamunin ang ating pananampalataya. Panoorin sa YouTube ang patotoo na nairekord sa simbahan: <http://www.youtube.com/watch?v=YHqbBk0A4nA>

Cuba

(Isinalin mula sa Espanyol)

Pagbati mula sa Cuba,

Ang kapayapaan ng Panginoon ay sumainyo. Salamat sa Panginoon, dahil sa araw na ito ay nakatanggap kami ng biyaya sa pamamagitan ng pagtanggap ng dalawang pakete.

Maaari sanang ibigay ang aming pasasalamat sa lahat ng mga lingkod ng Dios na pinagpalang ikalat ang Salita sa lahat ng mundo sa pamamagitan ng ministryong ito. Ang aking espesyal na pasasalamat sa lahat.

Pagpalain kayo ng Dios,

Reverend Marrero

Havana, Cuba

ANG TANGING DAAN PALABAS

(Mula sa pahina 4)

Hayaan ang mga mangmang na maghari at mangasiwa sa mundo kasama ang ginto, kabuktutan, pulitika, at iba pang mga bagay, ngunit hayaan mo ang aking puso na magsama ng pag-ibig na hindi tumatanda. Tanggapin ang binhi ng buhay na walang hanggan. Magsimula sa pamamagitan ng pagsasabi ng panalangin ito:

Nais ng PANGINOON na ibahagi mo sa iba ang iyong kaligtasan (Marcos 16:15). Ikaw ay maaring maging tagapamahagi ng Ebanghelyong panitikan ni Pastor Tony Alamo. Padadalhan ka naming ng libreng panitikan. Tumawag o mag-email sa amin para sa karagdagang impormasyon. Ibahagi ang mensaheng ito sa ibang mga tao.

Aking Panginoon at aking Diyos, mahabag ka sa aking kaluluwang makasalan.¹⁸ Naniniwala akong si Jesucristo ay Anak ng buhay na Diyos.¹⁹ Naniniwala akong Siya ay namatay sa krus at itinigis ang Kaniyang mahalagang dugo para sa kapatawaran ng aking mga kasalan.²⁰ Naniniwala akong si Jesus ay binuhay na muli ng Diyos sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu²¹ at sa kasalukuyan si Jesus ay nakaluklok sa kanang kamay ng Diyos, pinakikinggan Niya ang pag-amin ko sa aking mga kasalan at ang panalangin ito.²² Binubuksan ko ang pinto ng aking puso, at iniimbitahan Kitang pumasok sa aking puso, Panginoong Jesus.²³ Hugasan mo ang lahat ng aking mga kasalan sa pamamagitan ng mahalagang dugo na Iyong itinigis para sa akin sa krus ng Kalbaryo.²⁴ Hindi

Mo ako itataboy, Panginoong Jesus; patatawarin Mo ang lahat ng aking mga kasalan at ililigtas ang aking kaluluwa. Alam ko ito sapagkat ito ang sinasabi Mo sa Bibliya, ang Iyong Salita.²⁵ Sinabi Mo na hindi Mo itataboy ang sino man, at kabilang ako sa mga iyon.²⁶ Dahil dito, alam kong narinig Mo ako, at alam kong sinagot Mo ako, at alam ko ring ako ay naligtas.²⁷ **Pinasasalamat Kita, Panginoong Jesus, sa pagligtas Mo sa aking kaluluwa, at ipakikita ko sa Iyo ang aking pasasalamat sa pamamagitan ng pagsunod sa Iyong utos at pag-iwas sa paggawa ng kasalan.**²⁸

Ang KRISTO at ang DIYOS-AMA ay naninirahan na ngayon sa iyo sa pamamagitan ng BANAL NA ESPIRITU. May paraan upang matanggap mo ang mas ganap na bahagi ng banal na katangian ng DIYOS. Kapag mas naninirahan sa iyo ang banal na katangian ng DIYOS, mas malalabanan mo ang mga tuksong napakadaling nagpalayo sa milyon-milyong Kristiyano mula sa kaligtasan. Manalangin ka para sa bautismo sa BANAL na ESPIRITU. Para sa mga tagubilin sa kung paano tumanggap ng bautismo sa BANAL na ESPIRITU at tumanggap ng mas marami pang banal na katangian ng DIYOS, humingi ng aming literatura o tumawag. Sapagka't kapag walang kabanalan, hindi makikita ng mga tao ang DIYOS (Hebreo 12:14)

Pagkatapos ng kaligtasan, Sinabi ni Hesus na magpabinyag, ganap na pagkalubog sa tubig, sa ngalan ng AMA, at ng ANAK, at ng BANAL na ESPIRITU.²⁹ Pag-aralan ng mabuti ang Ang Dating Biblia (King James na Bersyong Bibliya), at gawin ang sinasabi nito hanggang sa araw

ng iyong kamatayan.³⁰ Nais ng PANGINOON na sabihin mo sa iba ang tungkol sa iyong kaligtasan (Marcos 16:15). Maaari kang maging tagapalaganap ng Ebanghelyong panitikan ni Pastor Tony Alamo. Padadalhan ka namin ng libreng literatura. Tumawag o mag-email sa amin para sa karagdagang impormasyon. Ibahagi sa ibang tao ang mensaheng ito.

Kung gusto mong maligtas ang mundo, tulad ng utos ni HESUS, huwag pagnakawan ang DIYOS sa KANYANG ikapu at mga handog. Sabi ng DIYOS, "Nanakawan бага ng tao ang DIOS? Gayon ma'y ninanakaw ninyo AKO. Ngunit inyong sinasabi, Sa ano KA namin ninakawan? Sa mga ikasangpung bahagi at sa mga handog. Kayo'y nangagsumpa ng sumpa sapagka't inyo AKONG ninakawan, sa makatuwid бага'y nitong buong bansa [at ang buong mundong ito]. Dalhin ninyo ang buong ikasangpung bahagi [ang ikapu ay ikasangpung bahagi ng iyong kabuuang kita] sa kamalig, upang magkaroon ng pagkain [Espiritwal na pagkain] sa AKING bahay [mga naligtas na mga kaluluwa], at subukin ninyo AKO ngayon sa bagay na ito, sabi ng PANGINOON ng MGA HUKBO, kung hindi KO bubuksan sa inyo ang mga dungawan sa langit, at ihuhulog KO sa inyo ang isang pagpapala, na walang sapat na silid na kalalagyan. At AKING sasawayin ang mananakmal dahil sa inyo, at hindi niya sisirain ang mga bunga sa inyong lupa; ni malalagasan man ng bunga sa di panahon ang inyong puno ng ubas sa parang, sabi ng PANGINOON ng MGA HUKBO, at tatawagin kayo ng lahat na bansa na mapalad: sapagka't kayo'y magiging maligayang lupain, sabi ng PANGINOON ng MGA HUKBO" (Malakias 3:8-12).

18 Awit 51:5, Rom. 3:10-12, 23 19 Mat. 26:63-64, 27:54, Luc. 1:30-33, Jn. 9:35-37, Rom. 1:3-4 20 Gawa 4:12, 20:28, Rom. 3:25, 1 Jn. 1:7, Pah. 5:9 21 Awit 16:9-10, Mat. 28:5-7, Mar. 16:9, 12, 14, Jn. 2:19, 21, 10:17-18, 11:25, Gawa 2:24, 3:15, Rom. 8:11, 1 Cor. 15:3-7 22 Luc. 22:69, Gawa 2:25-36, Heb. 10:12-13 23 1 Cor. 3:16, Pah. 3:20 24 Ef. 2:13-22, Heb. 9:22, 13:12, 20-21, 1 Jn. 1:7, Pah. 1:5, 7:14 25 Mat. 26:28, Gawa 2:21, 4:12, Ef. 1:7, Col. 1:14 26 Mat. 21:22, Jn. 6:35, 37-40, Rom. 10:13 27 Heb. 11:6 28 Jn. 5:14, 8:11, Rom. 6:4, 1 Cor. 15:10, Pah. 7:14, 22:14 29 Mateo 28:18-20, Juan 3:5, Mga Gawa 2:38, 19:3-5 30 Deut. 4:29, 13:4, 26:16, Josue 1:8, 22:5, 2 Tim. 2:15, 3:14-17, Santiago 1:22-25, Pahayag 3:18

Mangyaring makipag-ugnayan sa amin para sa mas maraming impormasyon o para sa ibang mga topiko ng panitikan na kawiwillan mo.

Tony Alamo, World Pastor, Tony Alamo Christian Ministries Worldwide • P.O. Box 2948, Hollywood, CA 90078

24 oras na linya ng panalangin at impormasyon: +1(661) 252-5686 • Fax +1(661) 252-4362

www.alamoministries.com • taoffice@alamoministries.com

Naglalaan ang Pandaigdigang Kristiyanong Ministeryo ni Tony Alamo ng lugar na matitirahan kalakip ang lahat ng mga kinakailangan sa buhaypara sa lahat ng mga nasa lokasyon namin sa U. S. na tunay na nagnanais maglingkod sa PANGINOON ng buong puso, kaluluwa, pag-iisip at lakas.

Ginaganap ang pananambahan bawat gabi tuwing 8 P.M. at tuwing Linggo sa 3 P.M. at 8 P.M. sa pook ng Simbahan sa Los Angeles: 13136 Sierra Hwy., Santa Clarita, CA 91390, +1(661) 251-9424

May libreng serbisyong sasakyan galing at papunta sa kanto ng

Hollywood Blvd. & Highland Ave., Hollywood, CA araw-araw sa 6:30 P.M., tuwing Linggo sa 1:30 P.M. at 6:30 P.M.

Nagaganap ang mga Pananambahan sa New York City tuwing Martes sa 8 P.M. at sa ibat-ibang lugar gabi-gabi.

Mangyaring tumawag para sa mas maraming impormasyon: +1(908) 937-5723. MAY INIHAHAING PAGKAIN PAGKATAPOS NG BAWAT PANANAMBAHAN

Humiling ng aklat ni Pastor Alamo, Ang Mesias, na nagpapakita kay CRISTO mula sa paglalantad ng Lumang Tipan sa mahigit 333 na hula.

Maging manggagawa sa pag-aani ng kaluluwa sa pamamagitan ng pagiging tagapamahagi ng panitikan ni Pastor Alamo.

Lahat ng aming panitikan at mga mensahe sa audio ay libre, kasama na ang pagpapadala.

Kung may magtatangkang humingi ng bayad para sa mga ito, mangyaring tumawag sa (661) 252-5686 collect.

TINATAGLAY NG BABASAHING ITO ANG TOTOONG PLANO NG KALIGTASAN (Gawa 4:12).

HUWAG ITONG ITAPON, IPASA ITO SA IBA.

Hinihimok namin kayong nasa ibang bansa na isalin ang panitikan na ito sa inyong katutubong wika.

Kung inyo naman muling ipalalathala, mangyaring isama ang sumusunod na karapatang magpalathala at rehistrasyon:

© Karapatang magpalathala Nobyembre 2014, 2015 Lahat ng karapatan ay nakalaan Pastor ng Mundo Tony Alamo ® Nakarehistro Nobyembre 2014, 2015

Tagalog—VOLUME 20500—THE ONLY WAY OUT